# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MARSO 06, 2023, LUNES, IKA-9:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad- may karamdaman |

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED By: Date: 20 MAR 2023 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Name: Date: Time: Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 249-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 3-T2023 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 3-T2023 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG APATNARAAN DALAWAMPU'T PITONG LIBO TATLONG DAAN ANIMNAPU'T ANIM NA PISO AT WALUMPUNG SENTIMOS (P427,366.80) PARA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2023 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY DUHAT.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 3-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 3-T2023 ng Barangay Duhat ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P427,366.80 para sa Limang Bahagdang (5%) Pondong Kalamidad nang taong 2023 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P299,156.06) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P128,209.74) ng Barangay Duhat, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw, (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 3-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 3-T2023 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P427,366.80 para sa Limang Bahagdan (5%) Pondo sa Kalamidad nang taong 2023 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Duhat.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Marso 06, 2023**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

3-14-23

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

03142324?